

Ministry of Employment and Income Assistance

Mga Alituntunin sa Pagseserbisyo

Bilang kliyente o miyembro ng madlang-bayan, makaaasa kayo sa mga kawani ng Ministri na magkaloob ng:

- magalang, propesyonal at maaasahang serbisyo, sa pamamaraang nagpapahalaga sa pakikinig upang makaunawa;
- paggalang sa inyong pagsasarili o pagkapribado at pagkakumpidensiyal;
- patas at masusing pagsuri sa inyong kalagayan at pangangailangan;
- tulong sa pagkilala o pagtukoy ng makakatotohanang paraan upang matugunan ang inyong mga pangangailangan;
- impormasyon at malinaw na paliwanag sa mga desisyon sa lalong madaling panahon;
- tulong sa pag-unawa sa batas ng Ministri, at panloob na rekonsidirasyon at mga proseso ng pag-apela.

Bilang mga empleyado ng Ministri, inaasahan namin na ang mga kliyente at miyembro ng madlang-bayan ay:

- pakitunguhan kami nang magiliw at may paggalang;
- bigyan kami ng mga tamang impormasyon na kailangan namin upang kayo ay mapagsilbihan;
- magkaroon ng pananagutan sa pagbibigay ng mga kinakailangan upang matanggap ang tulong;
- maging responsable para matamo ang inyong potensyal.

Kami ay nakalaang pagbutihin ang mga serbisyo at patibayin ang ating mga relasyon. Ang Alituntunin ng Pagseserbisyo o Service Code na ito, sa patnubay ng mga pinapahalagahan ng aming samahan, ay siyang nagtatakda sa mga inaasahan ng aming Ministri sa aming pakikitungo sa iba.

